

Paano Ako Makikipag-usap sa Aking Tagapagbigay ng Pangangalagang Pangkalusugan tungkol sa Hindi Aktibong Tuberculosis (TB)?

Isang Gabay sa Pakikipag-usap para sa mga Pasyente


Ang mga mikrobyo ng tuberculosis (TB) ay maaaring mabuhay sa iyong katawan sa loob ng maraming taon nang hindi nagdudulot ng mga sintomas. Tinatawag itong hindi aktibong TB o nakatagong impeksyon sa TB. Ang hindi aktibong TB ay maaaring maging aktibong sakit na TB anumang oras at makapagdulot sa iyo ng sakit. Kapag ang hindi aktibong TB ay naging aktibong sakit na TB, ang TB ay maaaring kumalat sa ibang tao sa pamamagitan ng hangin. Ang pagsisimula ng pakikipag-usap sa iyong doktor ang unang hakbang sa pagprotekta sa iyong pamilya, mga kaibigan, at komunidad mula sa lubos na nakakahawang sakit na ito.

Narito ang ilang tip para sa pakikipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa hindi aktibong TB sa susunod mong pagbisita.

1 Mag-isip Talakayin ang Iyong Panganib

Ang TB ay isang nangungunang sanhi ng pagkamatay sa buong mundo, at napakaraming tao pa rin ang nagdurusa sa TB sa Estados Unidos. May ilang kadahilanan ng panganib para sa TB kaya mahalagang makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa iyong panganib.

Kahit sino ay maaaring magkaroon ng TB, ngunit mas mataas ang posibilidad na magkaroon ka ng TB kung ikaw ay:



2

Magpasuri Unawain ang Proseso ng Pagsubok

Mayroong dalawang uri ng pagsusuri para sa impeksyon sa TB. Makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa kung aling pagsusuri ang pinakamainam para sa iyo.



Pagsusuri ng TB sa Dugo

Maaaring irekomenda ng iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ang pagsusuri ng TB sa dugo dahil maaari itong gawin sa iisang pagbisita, at mas tumpak ito kung dati ka nang nabakunahan para sa TB. Sinusukat ng pagsusuri sa dugo kung paano tumutugon ang iyong immune system sa mga mikrobyo na nagdudulot ng TB.



Pagsusuri ng TB sa Balat

Para sa pagsusuri sa balat, may gagamiting isang maliit na karayom upang maglagay ng ilang materyal sa pagsubok sa ilalim ng balat. Kakailanganin mong bumalik sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan sa loob ng 2-3 araw upang makita kung may reaksyon.


3

Magpagamot Talakayin ang Mga Opsyon sa Paggamot

Kung ikaw ay na-diagnose na may hindi aktibong TB, mayroong ilang maikli at maginhawang mga opsyon sa paggamot na makakatulong na maprotektahan ka mula sa pagkakasakit ng aktibong sakit na TB.

Narito ang ilang mga katanungan na puwede mong itanong sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa mga opsyon sa paggamot:

- Ano ang mga benepisyong pagpapagamot para sa hindi aktibong TB?
- Batay sa aking pamumuhay at personal na kasaysayan ng kalusugan, anong opsyon sa paggamot ang iyong irerekomenda?
- Gaano kadalas ko kailangang inumin ang gamot na ito? At hanggang kailan ako iinom nito?
- Ano ang mga tagubilin sa pag-inom ng gamot na ito?
- Ano ang mga side effect ng gamot na ito?
- Magkano ang halaga ng gamot na ito? Masasaklaw ba ng aking seguro ang paggamot?
- Mayroon bang anumang mapagkukunan sa komunidad na maaaring sumuporta sa akin sa aking plano sa paggamot?



Kung hindi magagamot, 1 sa 10 tao na may hindi aktibong TB ang magkakasakit sa hinaharap. Kahit na pakiramdam mo ay malusog ka ngayon, ang hindi aktibong TB ay maaaring maging aktibong sakit na TB at magdulot sa iyo ng sakit.



Upang matuto pa tungkol sa TB at sa kung paano mo mapoprotektahan ang iyong sarili at ang iba, bisitahin ang www.cdc.gov/thinktesttreattb